Republika ng Pilipinas

DepED

DEPARTMENT OF EDUCATION

Rehiyon I

**SANGAY NG MGA PAARALANG PANLUNGSOD**

Lungsod ng Dagupan

RELEASED
DEPED
DATE: 8-24-16
BY:

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 132, s. 2016

Sa mga: **Tagamasid Pampurok sa Pampublikong Paaralan**
**Punong-Guro sa Elementarya at Sekundarya**
**Punong Kagawaran sa Filipino**
**Koordineytor sa Filipino**

Mula Kay: **FROSERFINA J. BRAVO**
**Pansangay na Tagapamanihala**

Paksa: **PROYEKTONG WIKA** (**W**ikang Pambansa, **I**ntelektuwalisasyon, **K**arunungan at **A**dhika)

Petsa: **Agosto 23, 2016**

---

1. Isinasagawa ngayon ng Sangay ng mga Paaralang Panlungsod ng Dagupan ang proyektong **W**ikang Pambansa, **I**ntelektuwalisasyon, **K**arunungan at **A**dhika (WIKA). Ito ay tugon sa hinihingi ng Pinahusay na Batayang Edukasyong Kurikulum ng K-12 sa asignaturang Filipino upang iangkop sa pangangailangan at tumugon sa kakayahang ikadalawampo't isang siglo ng mga mag-aaral.
1. Layunin ng proyektong ito na:
   a. Maipakita ang pagtalima sa Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997 sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga palatuntunan na may kinalaman sa Wikang Pambansa na batay sa tema ng pagdiriwang;
   b. Mapataas ang kakayahang intelektuwalisasyon ng wikang Filipino sa pamamagitan ng paggawa ng mga pananaliksik at kagamitang panturo sa asignaturang Filipino;
   c. Maiangat ang karunungan ng mga gurong nagtuturo sa Filipino sa pamamagitan ng mga pagsasanay hango sa mga hamong kinakaharap sa kasanayang ikadalawampo't isang siglo; at

d. Maipamalas ng mag-aaral ang kakayahang komunikatibo at pag-unawa at pagpapahalagang pampanitikan sa tulong ng teknolohiya at iba't ibang babasahin tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nangyayari sa daigdig.

2. Dahil dito, gagawa ng data base ang sangay na may kinalaman sa usaping pangwika at asignaturang pangwika sa Filipino. Bunga nito, ang lahat ng mga guro sa Filipino ay hinihikayat na gawin ang mga sumusunod:
   a. Lahat ng guro sa Filipino gayundin ang ibang guro na nagtuturo ng ibang asignatura ay magsagawa ng mga pananaliksik na nakasulat sa Filipino para sa pag-unlad ng mga mag-aaral at pag-unlad ng wikang Filipino.
   b. Magsulat ng mga artikulong nakalimbag sa Filipino na may kinalaman sa edukasyon at ikadalawampo't isang siglong kakahayan ng mga mag-aaral maging sa usaping pangwika na maaaring ilathala sa Uliran - opisyal na pansangay na pahayagan at iba pang pahayagang lokal at nasyonal
   c. Magsagawa ng mga LAC Session sa Filipino upang iangkop ang mga kakayahan ng mga guro sa pang-ikadalawampo't isang siglo.
   d. Magsagawa ng mga interbensiyon sa mga mga mag-aaral na hindi marunong magbasa.
3. Magsasagawa ng pangkalahatang ulat ang tagapag-ugnay ng proyekto na isusumite sa katapusan ng panuruang taon.
4. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.